**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume IV, Issue I**
**August 2022**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

****************************************************************************************************

# AHON

**ni: LEONOR T. JACINTO**

Kung ika'y aking pagmamasdan
Bakas hirap na pinagdaanan
Bagsik bagyong nagpaikot-ikot
Pait at dalamhati ang dulot.

Abong bumalot sa sambayanan
Pagsabog ng bulkang di-mapigilan
Bahang rumagasa sa daan
Ilan lamang sa mga naranasan.

Kalamidad ma'y kaliwa't kanan
Pagsubok na di maiwasan
Mga trahedyang pilit nilalabanan
Pandemyang gumimbal sa lipunan.

Ramdam ang iyong panghihina
Pasakit na dala ng mga sakuna
Subalit ika'y di nagpapatinag
Nananatiling malakas, matatag

Ang pagbangon mo'y inspirasyon
Unti-unti ang iyong pag-ahon
Sa gitna ng di-mabilang na hamon

****************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume IV, Issue I
August 2022
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Ika'y laging handa anumang panahon.

Bangon, bayan! Huwag padadaig
Sa mga kalaban, di palulupig
Ikaw ma'y pilit tinutumba
Huwag sumuko, lumaban ka!

Mga mamamayan mo'y namulat
Bukod-tanging pagpapamalas
Tibay ng loob sa'yo nag-ugat
Ipagbunyi bansang Pilipinas!

Masidhing pagpupugay para sa'yo!
Alay ng milyun-milyong Pilipino
Ikaw ang tunay na idolo!
Ikaw ang lupang ipinangako.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto